# KARUNUNGAN SA KATUTUBONG WIKA
# PAMARAAN NA PAGSUBOK
# (TAGALOG)

Mahal na Mag-aaral:

Maligayang pagdating sa aming paaralan.

Ang porma na ito ay makakatulong sa ating upang malaman kung ano ang pinakamahusay na kurso para sa iyo sa programang ito.

Paki-sagot mo lamang ang pormang ito.

Kung hindi mo masasagot ang lahat ng katanungan, sagutin ang bahaging alam mo at iwan na blanko ang nalalabi.

Maraming salamat.

Ang Petsa ngayon: ______________________________

Pangalan : ______________________________

Tirahan : ______________________________

______________________________

Telepono: ______________________________

Araw ng kapanganakan: ______________________________

---

1. Saan ka ipinanganak?

______________________________

2. Anong taon ka nagpunta sa Estados Unidos?

______________________________

3, Ilang taon ka nag-aral sa inyong bayan?

______________________________

4. Ikaw ba ay dumalo sa klase ng Ingles dito sa Amerika maliban sa ngayon?

______________________________

5. Ikaw ba ay may-asawa?

______________________________

6. Mayroon ka bang mga anak?

______________________________

7. Anong wika ang usapan ninyo sa bahay?

___

8. Nagbabasa ka ba ng pahayagan o magasin na Tagalog?

___

9 Anong uri ang gawain mo?

___

10. Ano ang naiibigan mong gawin kapag ikaw ay may libreng oras?

___

Maraming salamat sa pagsagot mo sa mga katanungan.

---

Sa mga sumusunod na pahina ay mga kuwentong nauukol sa mga ibang mga mag-aaaral na pumunta sa paaralang ito upang matuto ng Ingles.

Pakibasa ang mga kuwento.

Kuwento bilang 1.

Ako ay masaya.

Nararamdaman ko na ako ay natututo.

Ako ay natutong magsalita ng Ingles.

Ako ay nagsisimula ng panibagong buhay sa bayang ito.

Sa paaralan tinutulungan ako nang aking mga kaeskwela at ang aking guro upang matuto.

---

Kuwento bilang 2.

Ang aking anak na lalaki ay nagsasalita ng Ingles.

Kinakausap niya ng Ingles ang kanyang mga kaibigan.

Kinakausap ko siya ng Tagalog.

Kausap niya ako ng Ingles.

Ang pagsasalita ng Ingles ay napakahirap para sa akin.

Kaya ngayon ako ay nagpunta sa paaralang ito upang matuto ng Ingles.

Kuwento bilang 3

Ako ay nagpunta sa Estados Unidos noong 1982.

Ako ay nagpunta sa paaralang ito para sa mga matanda, sapagka't ibig kong matuto ng Ingles. Ang unang araw ko sa iskwela, ako ay ninerbiyos.

Noong ako ay bata pa, hindi ako makapasok sa paaralan. Kailangan akong magtrabaho upang makatulong sa aking pamilya.

San unang araw ko sa paaralang ito para sa matanda, hindi ko alam kung ano ang dapat kong asahan. Nguni't ang aking guro ay magiliw at ang iba kong kaeskwela ay napakagiliw. Ngayon ay hindi na ako nininerbiyos.

---

Kuwento bilang 4

Ako ay 25 taon gulang. May dalawa akong anak na babae. Ako ay nagpunta sa Estados Unidos, sapagka't ibig ko ng mas mahusay na buhay para sa mga anak kong babae. Ibig kong magkaroon ng mabuting trabaho.

Ngayon ako ay nagpunta sa paaralang ito para sa mga matanda. Nageensayo kami ng Ingles sa silid paaralan. Sinusubukan kong mag-ensayo ng Ingles sa bahay nguni't hindi ito madali. Lahat ng aking mga kaibigan ay nagsasalita ng Tagalog. Kung minsan ay nanonood ako ng programang Ingles sa telebisyon.

Hindi madaling maghanap ng panahon upang pumunta sa paaralan. Ginagawa ko ito para sa aking mga anak na babae.

Sana'y naibigan ninyo ang mga kuwento ukol sa mga mag-aaral na pumupunta sa paaralang ito upang matuto ng Ingles.

Sa mga guhit sa ibaba, subukan mong magsulat nang kahit na ano ukol sa iyong sarili. Sabihin mo bakit ibig mong matuto ng Ingles. O kahit na anong ibig mong sabihin sa amin.